Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

KAUTUSANG BAYAN BLG. III-'88
(Sa mungkahi ni Pang. Punumbayan Babasanta na pinangalawahan ni Kag. Bartolazo)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng pasasanib ng katungkulang "Municipal Sanitary Inspector" sa Taunang Palaan para sa taong 1988 (Annual Budget for 1988).

Pinagtibay din ang paglalaan ng halagang LABING LIMANG LIBO WALONG DAAN ANIM NA PU'T PITO AT DALAWAMPU'T APAT NA SENTIMO (₱15,867.24) para sa sahod at iba pang mga pakinabang na maaaring tanggapin.

Ang palaan ay magmumula sa anumang aytem na maaaring iliwat.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

APPROVED:
RESOLUTION No. 161 - '88
PROVINCIAL BOARD
Abril 26, 1988

Pinagtibay:

LEO T. BUSTAMANTE
Nanunungkulang Punumbayan

May kinalaman naman sa kahilingan ng Ambrocia Village Subdivision ay iminungkahi ni Kag. Gabayan na muling ipagpaliban ang pagtanggap sa mga bakanteng lote at daan at ipaubaya na sa susunod na mga pinuno ang pagpapasiya. Ang mungkahi ay pinangalawahan ni Kag. Tiongco.

Kinilala ng kapulungan ang pagdalo ni Dra. Gliceria Batilando, Tagamasid Pampurok ng mga Paaralan. Katulong niyang nagpaliwanag si G. Batitis, "Budget Officer" ukol sa natitira pang salaping nakalaan sa mga paaralan na nagkakahalaga ng LIMAMPU'T ISANG LIBONG PISO (₱51,000.00). Hiniling ni Dra. Batilando na ito ay mapalaan sa ilang pangangailangan ng paaralan. Kaya't pinagtibay ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. IV-'88
(Sa mungkahi ni Pang. Punumbayan Babasanta na pinangalawahan ni Kag. Gabayan)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglalaan ng halagang LIMAMPU'T ISANG LIBONG PISO (₱51,000.00) mula sa salaping nakalaan sa mga paaralan upang iukol sa mga sumusunod:

a. Karagdagang COLA ng mga guro . . . . . ₱35,400.00
b. Pagpapaayos ng Canteen ng Paaralan ng Barangay Pook 2,000.00

APPROVED:
RESOLUTION No. 161 - '88
PROVINCIAL BOARD
Abril 26, 1988